# Grace Notes

Número 1

Dr. Charlie Bing

## Ang Kundisyon ng Kaligtasan sa Ebanghelyo ni Juan

Ang Juan ang nag-iisang aklat sa Biblia na nag-aangking isinulat sa hayag na layuning dalhin ang mga tao sa walang hanggang kaligtasan. Ang layuning pahayag ay nasa Juan 20:30-31 na nagsasaad:

> *Gumawa nga si Jesus ng iba't ibang maraming tanda sa harap ng kaniyang mga alagad, na hindi nangasusulat sa aklat na ito: Ngunit ang mga ito ay nangasulat upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan.*

Samakatuwid, dapat tayong magsimula sa Juan upang maunawaan kung paano maligtas at suriin ito nang maiigi upang tuklasin ang kundisyon para sa kaligtasan.

### Paano ang kundisyon inilahad

1. Ang layuning pahayag mismo ay nagsasabi na kung tayo ay *manampalataya* mayroon tayong buhay na walang hanggan.
2. Ang pandiwang manampalataya ay ginamit nang 98 na beses sa Juan bilang kundisyon sa kaligtasan. Ikumpara ito sa 34 na beses sa ibang Ebanghelyo at 116 na beses sa natitirang bahagi ng Bagong Tipan.
3. Ang palaging resulta ng pananampalataya ay kaligtasan. Kapag ang isa ay nanampalataya, maaari niyang malaman na siya ay may buhay na walang hanggan bilang pangkasalukuyang pag-aari (Juan 5:24; 9:38).
4. Ang mga tayutay na ginamit upang ilarawan ang pananampalataya sa Juan (pagtanggap, tumingin, makinig, pumasok, kumain, lumapit) ay nagpapakita ng pagtanggap, pagsang-ayon, o pagtitiwala. Lahat ng mga ito ay sa pinakadiwa mga payak o simpleng mga gawain. Wala sa mga ito ang nagpapahayag ng ideya ng merito, pagpapagod o nakamtan.

### Paano hindi inilahad ang kundisyon

1. Walang mga pang-uring ginamit sa pananampalataya, gaya ng *tunay* na nanampalataya, *talagang* nanampalataya o *totoong* nanampalataya. Mayroon lamang isang uri ng pananampalataya.
2. Walang ibang kundisyong binanggit sa Juan gaya ng pagsisisi, pagsuko, pagtalaga o pagsunod.

### Pagbubuod

Tayo ay naligtas nang tayo ay payak na nanampalataya (nagtiwala kay, tinangap bilang totoo para sa aking sarili) na si Jesus ay Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas mula sa ating mga kasalanan. Ang kaligtasan ay ganap na libre at hiwalay sa anumang kundisyong may merito upang makamit ito.

Ang GraceNotes ay dinesenyong i-download at ibahagi sa iba upang magamit sa ministri. Hindi kailangan ang pahintulot kung ang mga ito ay ibabahagi nang hindi inedit at walang bayad. Kung wala kayong pdf viewer, maaari mong i-click ito para mag-download ng libreng kopya.